

1

No other love can warm my heart / Now that I've known the comfort of your arms / No other love, oh the sweet contentment / That I find with you, everytime, everytime...

Nakarating sa pandinig ng eighteen-year-old na si Ysabelle ang lumang awitin na iyon mula sa radyo ng bagong kapitbahay. Bagaman hindi iyon kilala sa kanyang panahon ay talaga namang kakaiba ang dating niyon sa tainga ng dalaga. Tumatagos sa kanyang puso at tila nagsasabing napakasarap umibig. Mula sa pagkakapikit ay nagmulat siya ng mga mata.

Lumabas siya mula sa kuwarta at tinungo ang terrace kung saan tanaw niya ang isang matandang babae na nakaupo sa rocking chair at malungkot na nakatitig sa kawalan. Nasa tabi nito ang radyo na pinagmumulan ng madamdaming awiting umaaliw sa kanyang pandinig. Hindi alam ni Ysabelle kung bakit kahit na maganda ay parang may hatid din iyong lungkot. Parang gusto niyang maiyak kahit walang dahilan. Ah, siguro dahil sa nakikita niyang kalungkutan sa mukha ng matanda.

No other lips could want you more / For I was born to glory in your kiss, forever yours / I was blessed with love to love you / 'Til the stars burn out above you / 'Til the moon is but a silver shell / No other love, let no other love know the wonder of your spell...

Nakangiting humakbang ang dalaga patungo sa terrace ng kapitbahay, hindi alintana ang sariling ayos at naka-pajama pa.

“Hi, Lola!” masayang bungad ni Ysabelle.

Napaangat ang likod ng matanda mula sa pagkakasandal sa rocking chair. Inilapit nito ang tingin sa kanya na wari ay inaaninag siya ng malabong mga mata.

“Lola, ako po si Ysabelle, kapitbahay n’yo. Diyan lang po ako nakatira sa harap.”

“Ako naman si Lola Sabina...”

“Wow, kasing-ganda n’yo po ang pangalan n’yo, Lola!”

“Talaga ba? Teka, nagkakilala na ba tayo dati, Ysabelle?”

“Ahm... ngayon pa lang po. ’Wag po kayong mag-alala, isa po akong mabait at magandang dalaga. 99%!”

“Bakit kulang ng isang porsyento?”

“Dahil nobody’s perfect po.”

“Mali ka, hija, merong perpekto sa mundo. Ito ay ang pagmamahal.”

Lumapit pa si Ysabelle sa matanda at naupo sa patungan ng siko ng rocking chair nito.

“Talaga po, Lola?”

“Kung puro at wagas ang pag-ibig, ito ay masasabi na ring perpekto.”

“Tulad po ba ng ipinapahiwatig sa kantang pinapakinggan ninyo? Ang kanta pong ’yan ang nagbulong sa ’kin na lapitan kayo. Ang ganda po at nakakapagpayapa ng damdamin. Ano po ang title niyan, Lola?”

Natigilan ang matanda at napatingin sa radyo. Inalis nito ang cassette tape sa pagkakasalang at pinatay ang aparato.

Nabahala si Ysabelle sa naging reaksyon nito. “Lola, may nasabi po ba akong mali? Sorry po.”

“Wala naman. May mga alaala lang na inihahatid sa akin ang awiting ’yan. Mga alaala ng pag-ibig na naging dahilan para minsang maging perpekto ang tingin ko sa mundo... hanggang sa gumuho iyon lahat...” Nalungkot ang mukha ni Lola Sabina.

“Lola, kuwentuhan mo naman po ako tungkol sa lovelife mo,” nakangiting sabi niya.

“Gusto mo ba talagang kuwentuhan kita?”

“Opo. Mahilig po akong magbasa ng love stories. Pero mas exciting po kung live ko itong mapapakinggan mula sa isang babaeng tunay na umibig nang wagas. Sigurado po akong makulay ang love life n’yo.”

Mula sa likuran ay galit na lumapit sa kanila si Terence, ang nag-iisang apo ng matanda. Binata at kaedad ni Ysabelle.

Sabay na napalingon ang dalawa dito.

“Love life? Ano’ng akala mo sa lola ko, taga-showbiz? Kung sino ka man, Miss, umalis ka na!”

“Ha? Taga-showbiz lang ba ang may love life?” kunot-noong tanong ng dalaga.

“Terence, siya si Ysabelle, kapitbahay natin. Iyan ba ang itinuro ko sa ’yong pagtrato sa bisita?”

Tumayo ang babae mula sa pagkakaupo sa gilid ng upuan ng matanda. “Lola, ’wag po kayong mag-alala. Babalik na lang po ako sa ibang araw kapag hindi na mainit ang ulo niya,” pabulong na sabi niya.

“Sige, hija, hihintayin ko ang pagbabalik mo. Ikukuwento ko sa ’yo ang love life ko,” nakangiting bulong din ni Lola Sabina.

Isang makahulugang tingin at ngiti ang ibinato ni Ysabelle sa nakasimangot na si Terence bago humakbang paalis.

Isang makahulugang tingin din na may kalakip na simangot ang iginanti ng lalaki hanggang sa tuluyang makaalis ang dalaga.

Magkasabay na kumakain ang maglola ng hapunan.

“Terence, mukhang mabait naman si Ysabelle. Bakit hindi mo siya kaibiganin?”

“Maraming taong mukhang mabait, La. Saka isa pa, narinig kong pinag-uusapan n’yo ang tungkol sa love life. Lola, kaya tayo lumipat dito ay para tuluyan nang maghilom ang sugat sa puso mo. Para makalimutan mo na ang mga bagay na nagpapalungkot sa ’yo.”

“Tulad ng lolo mo? Gusto mo ba talagang kalimutan ko ang Lolo Semyong mo?” Tumaas ang tono ng boses ng matanda.

“Hindi naman sa gan’on, Lola. Ayoko lang kasing makita ka na nagkakaganyan. Dalawang taon na mula nang mamatay si Lolo. Pero pag nakikita kita, parang kahapon lang siya nawala.”

Tuluyan nang nawalan ng ganang kumain ang matanda. Binitiwang nito ang kutsara at kahit hindi na makakilos nang mabilis ay pinilit pa ring makatayo agad at makapunta sa silid.

Alam ni Terence na tawagin man niyang muli ang abuela ay magmamatigas lang ito, kaya tulad ng dati ay hahayaan na lang niya itong palipasin ang sama ng loob. Sigurado namang bukas ay okay na ulit sila.

Nagpatuloy na lang siya sa pagkain.

Kinabukasan ay maagang umalis ang binata para magtrabaho. Nagpalipat kasi siya sa branch ng pinagtatrabahuhang restaurant dito sa Sta. Cruz, Manila.

Paggising ni Lola Sabina ay nakahanda na ang almusal niya

na tinakpan sa mesa. Lumapit siya roon at binuklat ang agahan. Sinangag, sunny side up egg, papaya, at gatas. Napangiti ang matanda. Alam na alam na kasi ni Terence ang ihahain sa kanya kapag nagtampo siya rito: ang paborito niyang almusal.

Susubo na lang si Lola nang may kumatok sa pinto. Tumayo siya at binuksan iyon. Napangiti siya nang makita ang maaliwalas na mukha ng dalaga. “Ysabelle!”

“Gandang morning, Lola Sabina!” Magiliw na ipinakita ni Ysabelle ang laman ng dalang tasa. “Mainit na sopas, Lola. Niluto ko. Ako na ang maglalagay sa mesa ninyo, baka mapaso ho kayo.”

“Tamang-tama at nag-aalmusal na ako. Mabuti pa at saluhan mo ako, hija.”

Naupo rin ito sa harap ng mesa. “Pasensya ka na, Lola, kung maaga kitang iniistorbo. Nabitin po kasi ako sa kuwentuhan natin kahapon, eh.”

“Ako man. Hindi kasi mahilig sa kuwentuhan ang apo kong si Terence.”

“Speaking of Terence, Lola, siya na lang po ba ang kasama n’yo sa buhay? Mukha pong suplado.”

“Hindi naman masyado; sa una lang kapag hindi pa niya kilala ang isang tao. Pero kapag nakilala ka na niya, makikita mo kung gaano siya kabuti.”

“Talaga po?”

Tumango ang matanda. “Sige, saluhan mo na muna ako sa pagkain at pagkatapos ay ipagpatuloy natin ang kuwentuhan.”

Natutuwa si Ysabelle sa matanda. Mukhang matalas pa kasi ang memorya nito, malakas ang katawan at matalas pa ang pandinig sa kabila ng edad nito. Sana pagtanda niya ay maging tulad rin siya ni Lola Sabina.

Hapon na nang dumating si Terence mula sa trabaho. Napa-second look siya sa kuwarto ng kanyang lola nang marinig niya ang tawanan mula roon. Dahan-dahan siyang lumapit at sumilip sa nakaawang na pinto. Nagulat ang binata nang makita sa silid ng abuela ang babae kahapon.

Ano’ng ginagawa niya rito?

“Grabe, Lola, sumakit yata ang tiyan ko sa kakatawa!” anang bisita.

Tumikhim siya. Sabay na napaligon ang dalawa sa kanya.

“Terence! Nandiyan ka na pala, ipinapakita ko kasi kay Ysabelle ang mga photo album namin ng Lolo Semyong mo. Saka eto, ’yung album mo noong maliit ka pa,” nakangiting pagbibida ng matanda.

Nakasimangot na tinalikuran ng binata ang dalawa.

Nagkatinginan naman ang mga babae.

“Ysabelle, pagpasensyahan mo na ’yang apo ko. Malamang pagod sa trabaho kaya wala sa mood.”

“Okay lang po, Lola. ’Yung mga kapatid ko pong lalaki, palagi ring mga wala sa mood!” nakatawang sabi ng dalaga.

Itiniklop ni Ysabelle ang photo album at tinulungan ang matandang maibalik ang mga iyon sa lalagyan sa ilalim ng side table ng kama nito.

“Lola, uuwi na po ako. Pupuntahan ko po ulit kayo sa ibang araw.”

“Sige, pero ’wag kang magsasawang punta-puntahan ako, ha.”

“Oo naman. Mula ngayon, magkaibigan na tayong dalawa.”

“Talaga ba?” Namilog ang mga mata ng matanda.

“Opo.”

“Alam mo bang mula nang mamatay ang matalik kong kaibigan na si Esperanza, tanging si Semyong na lang ang kaibigan ko hanggang sa huling sandali ng buhay niya?”

“Gan’on po ba? Sige po aalis na ako, ikuwento mo sa ’kin ang tungkol kay Esperanza bukas.”

Nakangiting tumango ang matanda.

Bago makalabas ng bahay ay hinarang ni Terence si Ysabelle. Dala pa nito ang tinimplang kape.

“S-sorry, hindi ako nagkakape...” aniya na napatingin sa hawak nito.

“Hindi naman para sa ’yo ito. Mukha ngang hindi ka nagkakape, kasi wala kang kanerbyos-nerbyos o kahit konting kaba sa pakikipaglapit mo sa lola ko.”

“Bakit naman ako kakabahan, aswang ba ang lola mo?” pabulong na tanong ng dalaga.

“Ang lola ko hindi, pero ako, nangangagat ako na parang bampira kapag ayaw ko ang isang tao,” mahina rin ang boses na sagot nito.

“Teka nga muna.” Itinulak ni Ysabelle ang lalaki palayo nang kaunti dahil sa tantya niya ay masyado na itong malapit sa kanya. “Ano ba’ng problema mo sa ’kin?”

“Ang problema, hindi kita kilala. Kapitbahay ka lang namin pero kung umasta ka daig mo pa ang BFF ng lola ko.”

“Ha?”

“Let me remind you na kahapon lang kayo nagkakilala, ’tapos, ngayon nasa loob ka na ng kuwarto niya?”

“Ano naman ngayon? Eh, inaya niya ako d’on eh, para tingnan ’yung mga photo album!”

“Okay, para hindi na humaba ang usapang ito, please, kung anuman ang pakay mo sa lola ko o sa aming maglola, huwag mo nang ituloy. Mabibigo ka lang.”

“Sa ganda kong ’to, mukha ba akong bad? Diyan ka na nga, nonsense kang kausap! Mas masarap pang kausap ang lola mo kaysa sa ’yo!” Naglakad na si Ysabelle palabas ng bahay.

“Huwag ka nang babalik rito!” pahabol ng lalaki.

Lihim na napangiti siya nang tuluyang makalabas sa bahay nina Lola Sabina, sabay dukot sa bulsa ng isang picture na palihim niyang kinuha mula sa album nang malingat ang matanda. Litrato iyon ni Terence sa probinsya noong sampung taon gulang pa lang ito; naka-underwear lang at naliligo sa ulan.